

1

May mga nilalang pala talaga dito sa mundo na almost perfect. Iyong mga taong parang sinahod na lahat ng biyaya noong magsabog ang Diyos ng kaguwapuhan at kagandahan. Mga sakim. Di man lang nagtira.

Noong bata pa si Kristine, akala niya kathang-isip lang ang mga lalaking ubod ng guwapo, o kung totoo man sila, mga artista lang ang mga iyon at mahirap abutin. Ano ba naman ang alam niya, di ba? Musmos pa lamang siya noon at napapaligiran pa ng mga uhuging bata.

Naniwala lang siya na may guwapo rin sa totoong buhay nang masilayan niya si Grayson. Nakakatunaw ang mga mata nito, tamang-tama ang pagkakahubog ng ilong at natural na mapula ang mga labi. Eh, iyong lips kasi niya kailangan niya pang kagat-kagatin para mamula.

Akala niya nananaginip lang siya, pero totoo pala ito. Totoo palang may mga nilalang na kasing-guwapo ni Grayson sa ordinaryong buhay. Parang too good to be true.

Alam ni Kristine na *may ganda* siya. Sabi ng mga kaibigan niya, ibang klase raw ang appeal niya. Hindi rin naman siya naniniwalang papansinin siya ni Grayson kung *puchu-puchu* lang ang ganda niya, pero ibang level talaga iyong gandang lalaki nito! Nagtataka nga siya na naging *silá*, lalo na't aminado siyang insecure talaga siya—kay Grayson mismo at sa kahit sinong babaeng makita niyang kausap nito.

“Sino naman 'yun?” tanong niya sa binata nang makalapit siya rito. Nakatitig pa rin siya sa morenang kausap nito kanina. Litaw na litaw ang dimple ng dalaga sa kanang pisngi habang nakikipagtawanan sa mga kaibigan nito.

Nanlumo si Kristine nang nang maisip na wala siyang dimple. Nakakainis!

“Orgmate ko lang 'yun,” nakangising sagot ni Grayson at inakbayan siya.

Badtrip pa rin siya. “Wala akong dimple. Nakakaasar! May barena ba ang papa mo? Sabihin mo pahiram at bubutasan ko ang pisngi ko,” pag-iinarte niya.

Narinig niya ang halakhak ng nobyo. Grabe! Pati pagtawa guwapo pa rin? Nasaan ang hustisya? Aba!

“I love you, Kristine.” Naramdaman niyang

dumampi ang labi nito sa kanyang buhok. “Kahit wala ka pang pisngi, ikaw lang sapat na.” Hinigpitan pa nito ang pagkakayapos sa kanya.

Ngumuso na lamang siya para mapigilan ang pagngiti.

“Ngingiti na ’yan...” pang-aasar ni Grayson. Tinusuk-tusok nito nang marahan ang magkabilang pisngi niya.

Napabungisngis din siya. Buwisit talaga. Di siya marunong magpakipot. Basta talaga kay Grayson, *nako*, malala siya.

Laging ganoon. Nagagawan nito ng paraan ang pagiging *insekyora* niya sa lahat ng babae. Lagi nitong ipinapaalala sa kanya na siya ang mahal nito, at sa huli kikiligin naman siya.

Kapag ganito siguro kaguwapo ang boyfriend mo, mapa-paranoid ka talaga. O baka siya lang talaga iyon. Hindi niya rin itatanggi na matindi siyang maghinala. Lahat ng bagay nagagawan niya ng istorya.

“Ikaw, Gray, kanina pa kita tine-text, ah! Bakit di ka nagre-reply? Aba! May girlfriend kang tao, uso magparamdam! May kasama ka bang iba? Ha? Niloloko mo na ba ako? Lintek na ’yan, o! Sabihin

mo lang agad pag ayaw mo na sa 'kin. Hindi 'yung papaasahin—” Nahinto siya sa pagsasalita nang iharap siya ni Grayson dito at yakapin.

“Walang iba, Kristine. Ikaw lang.”

“G-Gray...” ang tanging nasabi niya. Sa hindi mabilang na pagkakataon, nagtagumpay na naman ito sa pagpapakalma sa kanya.

“Kinikilig ako kapag ganyan ka, parang takot na takot kang mawala ako.” Saglit nitong hinagod ang likod niya saka kumalas sa pagkakayakap sa kanya bagaman hawak pa rin siya sa magkabilang braso. “Pero hindi ko alam kung ano ang tumatakbo diyan sa utak mo at naiisip mong kaya kong gumawa ng kalokohan sa 'yo, samantalang paulit-ulit kong ipinapakita sa 'yo na mahal na mahal kita,” saad nito habang nakatitig sa mga mata niya. “Sorry kung hindi ako nakapag-text sa 'yo. May ginawa kaming project, at low batt ang phone ko.” Binitawan siya ni Grayson para ipakita sa kanya ang gadget.

Wala siya laging laban diyan sa panlalambing ng nobyo. Habang patagal nang patagal ang relasyon nila, lalo lang lumalalim ang pagtingin niya para rito. Nakakahanga ang tulad nitong pasensyoso at marunong umintindi. Pilit niyang inaalala kung may nagawa ba siyang kabutihan noong mga nakaraang

taon dahil biniyayaan siya ng isang katulad ni Grayson.

Tao lang din si Grayson. Nagsasawa at napapagod. Dumating din ang araw na napuno na ang binata.

“Kristine, for Pete’s sake, will you shut up? It’s pissing the hell out of me! Di mo ba nakikita? Madami akong ginagawa! Hindi lang sa ’tin umiikot ang mundo! Kailan mo ba ’yun maiintindihan, ha? Grow up!”

Naestatwa ang dalaga nang marinig ang mataas na tono ng nobyo. This was the first time na pinagtaasan siya ni Grayson ng boses.

Inis na nasabunutan ng binata ang sarili.

Napapitlag si Kristine nang ibato nito ang mga papel sa mesa sa gitna nila. Nang makita niyang hindi nagbabago ang ekspresyon ng mukha ni Grayson ay dahan-dahan na siyang lumapit dito.

“N-nakita ko kasi kayo ng ex mo, eh. Alam mo namang punung-puno ng insecurities ang katawan ko, ’tapos ’yung ex mo pa ang makikita kong kasama mo. Akala ko...” Nag-unahan sa pagtulo ang luha niya.

“Akala! Akala! Puro na lang akala! Masyado ka kasing tamang hinala! Hindi ka naniniwala kahit ilang beses ko nang sinabing wala ngang iba! Punung-puno ng pagdududa ’yang utak mo. Sa araw-araw na lang na ginawa ng Diyos, lahat na lang ng babae pinagdudahan mo.” Umiling-iling ito.

“Grayson, intindihin mo naman ako! Hindi mo maiaalis sa akin na ma-insecure sa ex mo. Threat siya sa paningin ko dahil once in your life, minahal mo siya at ibinigay mo sa kanya ’yung atensyong ibinibigay mo sa ’kin ngayon.” Napahikbi siya.

“Puwes, hindi ko maintindihan. Hindi pa ba sapat na ikaw ang kasama ko ngayon? Na ikaw ang mahal ko ngayon? Na nasa ’yo na ’yung atensyong nasa kanya dati? Hindi lang naman ito ’yung issue mo, Kristine! Kasi hindi lang ex ko ’yung pinagseselosan mo.” Inihilamos nito ang palad sa mukha. “Puwede bang for once ikaw naman ang umayos ng insecurities na nabubuhay diyan sa pagkatao mo? Kasi hindi pwedeng laging ako. Hindi ko na kasi maipangako na mananatili ako sa tabi mo... I’m sorry, Kristine, pero nakakapagod.”

Halos gumuho ang mundo niya nang marinig iyon mula kay Grayson. Nagsikip ang dibdib niya at parang hindi siya makahinga. Susukuan na siya nito?

Ang sakit-sakit...

Nanghina ang mga tuhod niya, pero hindi siya makaupo sa tabi nito.

“Di ko na kasi alam kung paano tatagal itong relasyong ’to kung hindi mo ako magawang pagtiwalaan,” matigas na sabi ni Grayson.

“I’m sorry. I’m so sorry,” bulong ni Kristine, umiiyak.

May parte ng puso niya na gusto nang tapusin ang kung anumang namamagitan pa sa kanila ni Grayson para wala na siyang asahan pa, pero may bahagi rin ng puso niyang nagsasabing huwag itong pakawalan...na kaya pa nila itong isalba.

Pumagitna sa kanila ang katahimikan. Hinintay niyang ito ang unang magsalita dahil baka mali na naman ang masabi niya.

“You need to learn, Kristine. You have to know how to trust me. For now, let’s take a cool off.” Saka lang ito tumingin sa kanya.

Pumikit siya nang mariin at iniyuko ang ulo habang tumatango. Wala siyang magagawa, nakapagdesisyon na ito. Nasa kanya na kung mawawala ito sa kanya nang tuluyan.

No Grayson for almost two weeks. Pumapasok siya sa eskwelahan na parang zombie. Buhay nga, pero walang kabuhay-buhay. Para siyang unti-unting tinatangalan ng hininga. Ang sakit sakit sa puso, sa isip at sa kaluluwa.

Grabeng parusa 'to, saloob-loob ni Kristine.

Tuwing uuwi siya sa bahay, nagkukulong lang siya sa kuwarto. Gusto niya lang mapag-isa. Parang nananadya na lagi niyang naririnig ang kanta ni Yeng na *Cool Off*. Pakiramdam niya ay paulit-ulit na sinasaksak ang dibdib niya.

*Muntik nang makipag-break sa 'kin si Grayson!
Muntik na!* himutok niya.

Nag-unahan sa pagtulo ang luha niya.

“Bigyan mo pa ako ng chance. Promise, magpapakabait na ako!” kausap ni Kristine sa unan niya at saka iyon niyakap nang mahigpit. Inisip na lamang niyang si Grayson iyon.

Noong isang linggo pa siya kating-kati na tawagan ito pero hindi niya magawa. Baka magalit kasi ang binata at tuluyan na silang maghiwalay.

Dahan-dahan siyang lumapit sa salamin at sinilip

ang hitsura niya. Napamulagat siya nang makita ang nakasabog niyang buhok, ang maiitim na marka sa ilalim ng kanyang namumugtong mga mata, ang namumula niyang ilong at bitak-bitak na labi. “Ang panget ko na.”

Hindi puwedeng habang-buhay siyang ganito sakaling hindi na siya babalikan ni Grayson. Dapat din siyang matutong mabuhay nang hindi nakadepende sa binata, sa kahit na kanino.

Naligo siya at nag-ayos ng sarili. Nag-blower siya ng buhok at hinayaan iyong nakalugay. Naglagay rin siya ng lip gloss para maalis ang panunuyo ng labi niya. Napansin niyang nabawasan ang pamumula ng ilong at mga mata niya. Sinigurado niyang nagmukha ulit siyang tao, iyong tipong hindi pa natutong umibig at nakaranas masaktan.

Kailangan niya munang makalimot sa lahat ng stress sa love life niya. Makikipagkita siya sa mga kaibigan niyang matagal niya na ring di nakakasama dahil naging abala sila sa kani-kanya nilang mundo. Itinext niya ang mga ito na mabilis ding pumayag na mag-bonding sila.

Jeans, rubber shoes at isang simpleng itim na V-neck shirt ang isinuot ni Kristine. Nagluluksa siya, eh.

Pagkatapos magbihis ay dumerecho na siya sa restaurant kung saan nila napagkasunduan na magkikita.

Nasa entrance pa lamang ay namataan niya na ang mga ito. Magiliw na kumaway si Clarissa sa kanya. Si Nancy ay may kinakalikot sa cellphone.

“O, himala. Nasaan si Baby Grayson? Bakit di mo kasama?” ani Clarissa nang makalapit siya.

Nag-angat ng tingin si Nancy sa kanya.

Maarte niyang inayos ang buhok bago naupo sa harap ng dalawa. “Wala. Tulog. Nagpakulot.” Humalukipkip siya saka umirap.

Sabay na nangalumbaba ang mga kaharap. Ginaya niya ang mga ito at nangalumbaba rin.

“Cool off kami, eh,” walang kalasa-lasa niyang sabi. Napansin niya naman ang pagkagulat sa mga mukha ng dalawa.

“Oh. My. Gosh!”

“Ang OA lang? Di pa kami break, guys. Chill.” Luminga-linga siya sa paligid para humanap ng waiter. “Bago ang lahat, um-order muna tayo.”

Tumawag siya ng waiter at kinuha nito ang order

nila.

“Talagang dito tayo sa unli rice, ’no?” pang-aasar niya sa dalawa na pumili ng lugar na kakainan nila.

“Gan’un talaga! Dapat wais ka na sa panahon ngayon.”

“Basta pagkain talaga!” naiiling na sabi ni Kristine.

Pagkatapos nilang kumain ay binasag ni Clarissa ang katahimikan. “O, ano’ng nangyari sa inyo ni Baby Grayson?”

Uminom siya ng tubig at huminga nang malalim. “Wala, nakakainis lang. Ang tanga ko kasi. Parang nasagad ko ’ata siya. ’Ayun, muntik na.”

“Gaano na katagal?” tanong ni Nancy.

“Almost two weeks na din kaming walang communication, kaya ewan ko na.”

“Baka nauntog na. Hala ka! Bilhan mo na kasi ng helmet. Bahala ka, kawawa ka pag nabagok ang ulo n’un, wasak ’yang mga pangarap mo,” biro pa ni Nancy.

“Wala kasi talagang forever, move on na. Huwag kang magpakatanga d’un! Ganyan naman talaga ang

mga lalaki, mga gago. Magsasawa at magsasawa din 'yan. Kailangan mo lang maunang umayaw, para hindi ikaw ang kawawa.” Humalukip si Clarissa.

Napangiwi siya. “Actually, hindi naman ako 'yung nagpapakatanga, eh. Siya nga 'yun, di ba. Kasi puwedeng-puwede niya naman akong iwan kahit anong oras, pero pinipili niyang mag-stay. Madami namang mas maalindog d'yan kaysa sa 'kin. Ewan ko nga ba d'un.” Ngumuso siya, iniisip kung ano ba ang nakita sa kanya ni Grayson para gawin nito lahat ng bagay na ginawa nito para sa kanya. Masyado naman yata siyang sinuswerte.

“Clarissa, hindi mo maiintindihan ang pinagdadaan ni Kristine kasi wala ka pang nagiging boyfriend na guwapo, mabait, matalino—'yun bang tipong nasa kanya na ang lahat—”

“Sinasabi mo ba na hindi ako kasing-ganda ni Kristine kaya walang nanliligaw sa 'kin na kasing-hot ni Grayson?”

“Ikaw ang nagsabi n'yan, ah,” pang-iinis ni Nancy.

“Guys,” awat niya.

“Tin, 'wag mo nang habulin 'yang si Grayson. Kung tunay at wagas 'yang pagmamahal niya sa 'yo, siya ang magkukusang bumalik,” ani Clarissa.

“I disagree. Ngayon lang nagtampo ’yung tao. Baka puwedeng siya naman ang suyuin mo. Malay mo ’yun lang ang hinihintay niya,” sabi ni Nancy.

“Eh, paano kung may iba na pala kaya hindi ka na naaalala? Malay mo na-fall out na. Malay mo—”

“Clarissa! Hindi ka nakakatulong. Huwag mo nang ipasa ’yang pagiging bitter mo kay Kristine. Hindi lahat ng lalaki, katulad ng ex-boyfriend mo.”

“Ano’ng gusto mo? Paasahin ko siya sa wala, sa hindi totoo! Mas mabuti nang mamulat na siya na ganyan talaga ang love. Madaming mga manloloko! Sa ’kin ka maniwala.”

“Clarissa, tama na. Just move on from your own heartbreak. Hindi na ’yan healthy.” Kailangan na nitong tumigil sa pagiging mapait.

Huminga ito nang malalim. “Fine. Sorry, girls. Nadala lang ng emosyon.”

“Tara na nga. Hindi na pagkain ang kailangan ko. Maggala na muna tayo.” Sumang-ayon sila sa suhestyon ni Nancy at umalis na pagkatapos magbayad ng bill.

Habang naglalakad sila ay tahimik na nagpasalamat si Kristine na kasama niya ang mga

kaibigan. At least, nakakatawa na ulit siya.

Napatingin siya kay Clarissa at naisip na nakakagago talaga ng tadhana. Kung sino pa iyong nagmamahal nang totoo, siya pa iyong naloloko. Wala itong ibang ginawa kundi ang mahalín ang ex nito, pero sa dulo, hayun, ipinagpalit ito. Kaya hindi niya rin ito masisi.

“Kristine, alam mo ba kung nasaan si Grayson?” pagkuwa’y tanong ni Clarissa.

“Di ba sabi ko halos dalawang linggo na kaming walang komunikasyon... kaya hindi ko alam.” Nagkibit-balikat siya kahit may nararamdaman siyang hindi maganda sa tono nito.

“S-sure ka bang hindi kayo nag-break?” tanong ni Nancy.

Lalo siyang naguluhan at napatingin sa dalawa mula sa pagsipat sa mga damit na nasa window ng mga nadadaan nilang boutiques.

“Bakit ba?”

Hindi umimik ang dalawa at sinundan niya ang tingin ng mga ito. Isang lalaking nakaakbay sa isang babae ang natunton ng mga mata niya. Nakatalikod ang pareha sa gawi nila.

“Hindi ba si Grayson ’yun?” tanong ni Clarissa.

Kumabog ang puso niya. Ang damit na suot ng lalaki ay katulad ng damit na iniregalo niya sa binata noong huling birthday nito. Hindi maaari... Mahal siya ni Grayson.

Hindi siya umimik. Nakatitig lang siya sa likod ng lalaki. Naglalaban ang loob niya kung kukumpirmahin iyon o aalis na lang at hihintaying makipagbalikan si Grayson.

“Hindi ’yan si Grayson,” madiin niyang sabi. Hindi siya kayang lokohin ng binata kasi mahal siya nito.

2

Ipinihit ni Kristine ang katawan niya para tumalikod.

“Kasama niya si Iris,” narinig niyang sabi ni Nancy.

Huminto ang mundo niya. Iris was Grayson’s ex-girlfriend kaya kilala rin ito ng mga kaibigan niya. Nanatiling ‘friends’ ang dalawa pagkatapos ng break-up ng mga ito. Sinubukan daw ng mga ito na pumasok sa relasyon dahil iyon ang gusto ng pamilya ni Grayson.

Alam niyang minahal din nito si Iris kahit na nga ba hindi nagtagal ang mga ito. Ang pabirong sabi ni Grayson sa kanya, akala raw nito sparks ang mayroon sa kanila ni Iris, pero ground lang daw pala.

Hinarap niya ang mga kaibigan. “Hindi nga sinabi, eh! Papatunayan kong hindi si Grayson ’yan.” Dere-derecho niyang tinungo ang pareha, malalaki ang mga hakbang.

“Kristine, hintayin mo kami!” habol ni Clarissa.

Naiiyak na siya. Iyon na iyon talaga ang likod ng boyfriend niya. Sumikip ang dibdib niya.

Pumikit siya nang mariin saka hinablot ang braso ng lalaki. Saglit niya itong tiningnan at agad ding tumungo. Hindi niya na nabigyan pa ng pansin ang babaeng kasama nito na naramdaman niyang naalarma sa presenya niya.

Kahit naka-shades si Grayson ay hindi niya pa rin nakayang titigan ito. Ayaw niyang makita siya nito na mahina siya at kaawa-awa.

“A-akala ko ba cool off lang? Mahal naman kita, eh. Kayang-kaya kong maghintay kahit ilang taon pa tayong cool off... ang hindi ko kaya ay ’yung ipagpalit mo agad ako sa iba,” mahina niyang sabi.

Niyakap niya ito. “Bumalik ka na, kakalimutan ko ito. Please, tayo na lang ulit. Pangako, hindi na ako magiging insecure.” Mahigpit ang pagkakayakap niya rito. Sobra niya itong na-miss. Hindi siya sanay na hindi sila nagkikita o nagkakausap man lang.

Kinalas nito ang pagkakayakap niya at tinanggal ang suot na shades. Nakakunot ang noo nito. Pagkalito ang nabasa niya sa mga mata ng lalaki.

Iba ang kulay ng mga mata nito. Chocolate brown. Gray ang mga mata ng boyfriend niya, namana sa maternal grandfather nito na isang Amerikano.

Bumilis ang pintig ng puso ni Kristine at

pinagpawisan siya ng malamig dala ng kahihiyang.
“Miss...?”

Napatingin siya sa babaeng kasama nito. Hindi ito si Iris. Nakahalukipkip ito at mataman silang tinitingnan.

“Ah, I’m...” Wala siyang ibang masabi. Pinunasan niya na lamang ang luhaang mga pisngi gamit ang isang palad niya.

Napaatras siya nang hampasin ng babae ang lalaking kaharap niya gamit ang bag nito. “I hate you, Jace! Akala ko pa naman nagseseryoso ka na. I should have known, once a playboy, always a playboy!” Patuloy sa paghamapas ang babae habang ang lalaki ay sinasangga ito. “Wait, Diane! Stop it...aww, I don’t know—aww—her! Stop!”

Ano bang gulo itong pinasok niya?

“Liar! Playboy! I hate you!” Nag-walkout ang babaeng may pangalang Diane. “Don’t you dare go near me again!” sabi nito sa lalaking napagkamalan niyang si Grayson.

Hindi makagalaw sa kinatatayuan si Kristine. Sinulyapan niya ang lalaki. Parang natuod din ito sa kinatatayuan. Nasa harap sila ng bilihan ng ticket sa sinehan. Mukhang napurnada ang movie date nito

dahil sa kanya.

Naramdaman niyang may humila sa kanya at nagpakaladkad na si Kristine sa mga kaibigan na nasa magkabilang tabi niya. Tumakbo sila nang matulin.

Napamulagat siya mang makitang... hinahabol sila ng lalaki. Oh, sh*t!

“Bilisan n’yo! Hinahabol niya tayo!” tili niya.

“Maghiwa-hiwalay tayo! Lituhin natin siya!” sabi ni Clarissa.

Ganoon nga ang ginawa nila.

Pero dead end ang nilikuan niya.

Anak naman ng pating, o!

“Hoy miss!” tawag ng lalaki. “Sandali lang...” Nahawakan na nito ang braso niya.

“Bitawan mo nga ako!” Kinalas niya ang pagkakahawak nito sa braso niya. Inirapan niya ito. “Sundan mo na lang ’yung girlfriend mo, kaysa mag-aksaya ka pa ng oras sa paninisi sa ’kin.”

Ngumisi lang ito, tipong nang-iinis. “Hindi mo ba narinig ang sinabi niya? Huwag na daw akong lalapit sa kanya. At isa pa, hindi ko siya girlfriend.”

“Bakit ka ba sa ’kin nagpapaliwanag, ha? Tinatanong ko ba?”

“I’m just stating a fact here.”

Muli siyang umirap.

Tumawa lang ito.

Tumalikod na siya sa lalaki at nagsimulang maglakad palayo.

Naramdaman niya na lang na kasabay na niya ito. “Snob pala ang mga brokenhearted,” nakangisi nitong saad.

“Bakit mo alam na brokenhearted ako?” Sandali siyang tumigil at pinanliitan ito ng mga mata. “Stalker ba kita?”

“Ay, ang ganda ni ate,” sarkastiko nitong sabi saka malutong na tumawa. “Hindi ako stalker. Isipin mo nga, kung may lumapit sa ’yong lalaki at bigla kang yakapin at sabihin sa ’yong, ‘Please, tayo na lang ulit?’ Ano’ng iisipin mo?”

“Ang daldal mo. Hindi mo ba talaga ako lulubayan?” kunot-noong tanong niya rito at nagpatuloy na sa paglalakad. Tiningnan niya ang cellphone kung nag-text ba ang mga kaibigan kung magkikita pa ba sila o umuwi na ang mga ito, pero

wala siyang mensahe.

“Hindi. Ikaw ang dahilan kung bakit iniwan ako ng date ko dapat ngayon.”

Hinarap niya ulit ang lalaki at tiningnan ito mula ulo hanggang paa. Napansin niyang malaki ang talaga ang pagkakatulad nito at ni Grayson. O baka sobrang nami-miss niya lang ang boyfriend.

“Kaya ikaw ang papalit sa kanya.” Inakbayan siya nito.

Agad niyang tinanggal ang braso nito. “Hep! Paano ako nakasiguradong hindi ka holdaper?” Nilawakan niya ang distansya sa pagitan nila.

“Mukha pa lang, o!” Nag-pogi sign ito at kumindat. “May ganito ba kagwapong holdaper? Eh, di sana nag-artista na lang ako. Mas kikita pa ako d’un!”

Sinamaan niya ito ng tingin.

Bumuntong-hininga ito at saka iniabot sa kanya ang ID nito. “Jace Martinez, estudyante po. Hindi nangangagat, mabuting tao at guwapo.” Itinaas-baba pa nito ang kilay saka lumitaw ang dimple.

Iniabot niya pabalik dito ang ID nito. Hinayaan niya na itong sumabay sa kanya sa paglalakad. “Taga-

school ka namin? Bakit hindi kita nakikita d'un?"

"Kata-transfer ko lang," sagot nito.

Naramdaman ni Kristine na tinititigan siya nito. "Ano'ng problema mo?"

"We look alike," sabi nito. "Naniniwala ka bang soulmate mo daw ang isang tao kapag magkahawig kayo?"

Umismid siya. "Puwede. Magkahawig kayo ng boyfriend ko, eh. Baka soulmates kayo." Nginitian niya ito at mabilis na naglakad.

Humalakhak ito at agad sumunod. "Sungit. Nasaan ba 'yang boyfriend mo na 'yan, ha?" Lumingalinga ito na para bang may hinahanap.

"Nang-iinis ka ba talaga?" tanong niya rito, nakataas ang isang kilay.

"Medyo," nakangiting sagot nito.

Lumapit ito sa kanya saka hinawakan ang magkabila niyang pisngi.

Itinulak niya ito. "A-ano'ng ginagawa mo?"

"Paplantsahin ko lang sana 'yang gusot mong mukha." Muli itong lumapit sa kanya at hinawakan ang dalawang kilay niya na parang itinutuwid.

“Ayan!”

Bumaba ang hawak nito sa magkabilang gilid ng kanyang mga labi saka iyon marahang hinila pataas. “Ngiti ka na.”

Napabuntong-hininga si Kristine nang matitigan ito. He did have some of Grayson’s features. Magkasing-takad pa at magkasing-katawan ang dalawa.

Wala na siyang nagawa kundi ang ngumiti. Tinanggal niya ang mga kamay nito sa mukha niya. “Oo na. Bitawan mo na ako. Brokenhearted lang ako, pero di ako two-timer.”

Napabungisngis ito saka siya hinatak papasok sa isang fine-dining restaurant. “Uy, wala akong dalang pera!” bulong niya habang hinihigit niya ito palabas.

“Hindi naman kita pagbabayaran.” Iniupo na siya nito. “Come on. Huwag mo na akong ipahiya dito.”

Napailing na lamang siya. Pakiramdam niya ay matagal na niya itong kilala.

Pag-uwi niya ay agad siyang nakatulog, di katulad noong mga nakaraang gabi na hirap siyang dalawin ng antok. Pero paggising niya ay umiiyak

siya. Nanaginip kasi siya...at sa panaginip niya ay nagkasakit daw siya at naroon si Grayson. Inaalagaan siya nito, sa dulo ay niyakap pa siya nito.

Hindi niya alam kung bakit parang totoong nangyari iyon. Naramdaman niya ang init ng yakap nito at na-miss niya ang pakiramdam na iyon. Hanggang sa magising siya. At naalalang cool off sila ng nobyo.

Paggising niya, naramdaman niyang mahal na mahal niya si Grayson, na hindi niya kayang mawala ito, na sobrang nangungulila na pala siya.

Two weeks was too much.

Hindi niya kayang wala ito.

Nais niya itong makita. Kahit walang usap-usap. Kahit yakap lang.

Wala siyang pasok ngayong araw, pero alam niyang may OJT si Grayson. Pumapasok ito sa start-up company ng isang uncle nito.

Naisip niyang puntahan ito. Nakagayak na siya nang umulan. Bumalik siya sa kuwarta at nagsuot ng jacket.

Tumila naman ang ulan kaya inihanda niya ang motor niya saka sumakay patungo sa opisina

pinapasukan ni Grayson.

Umulan uli habang nasa daan siya at nabasa siya. Nilalamig na siya. Nag-ingat na lang siya sa pagpapatakbo ng motor dahil madulas ang daan.

Nakarating siya nang matiwasay sa harap ng seven-story building. Ipinarada niya ang motor sa harapan at sumilong sa harapan ng gusali. 5:46pm na nang tumingin siya sa relo.

Ang alam niya ay alas seis pa ang labas nito, pero ilang minuto lang ay namataan na niya ito. Hindi siya nito napansin. Binuka nito ang hawak na payong habang nagpapaalam sa mga kaibigan nitong kasama sa OJT.

Nilapitan niya ito. “Grayson...”

Kunot-noo siya nitong hinarap. Napansin niya ang pagkagulat sa mukha nito. “Kristine!” Isinara nito ang payong at tinitigan siya.

Halos manlambot siya. Nakakatunaw ang titig nito na tagos yata hanggang sa kaluluwa. Parang noon lang muling nabuhay ang puso niya.

Hinila siya ni Grayson patungo sa isang tabi. Kinuha nito ang panyo sa bulsa at sinubukang tuyuin niyon ang buhok niya. “Kristine, ano ba’ng ginagawa

mo dito?”

Hindi niya mawari ang tono nito kung galit o ano. Tinitingnan niya lang ito at tumulo ang luha niya. Gustung-gusto niya itong yakapin kaso ayaw niyang mabasa ito.

“Bakit ka ba nagpaulan?” narinig niyang tanong nito at pinahid ang luha niya gamit ang panyo.

“Grayson...” Parang wala siyang ibang masabi kundi ang pangalan nito.

Sinubukan niyang hawakan ang kamay nito, pero binawi iyon ni Grayson. Napatungo siya sa kirot na naramdaman sa kanyang puso.

“Baka magkasakit ka n’yan.” Hinawakan nito ang magkabilang braso niya.

“Sorry, Grayson. I just missed you...so much,” napahikbing saad niya. Tumunghay siya at tinitigan ito. Nangangatog na siya sa lamig.

Nasa mukha ng binata na parang hindi ito natutuwa. Nag-iwas ito ng tingin.

Napalunok siya. “Sige, ’yun lang. Sorry sa abala.” Mabilis niya itong tinalikuran at nagsimulang maglakad patungo sa motor niya.

Ang tanga mo, Kristine! Ang bobo mo!

Hindi niya inaasahan na ganoon ang magiging reaksyon nito. Ang akala niya ay yayakapin siya nito nang mahigpit—kasing-higpit ng pagyakap sa kanya ng taong nasa likuran niya ngayon. Dahan-dahan niyang ipinihit ang katawan niya para harapin ito.

Sinubukan niya itong ilayo sa kanya. “Mababasa ka, Grayson...” Pero lalo lang nito hinigpitan ang pagkakayakap sa kanya.

“Mabasa na kung mabasa,” sabi nito.

Yumakap na lang siya rito pabalik, at pumatak ang luha. Pati puso niya ay umiiyak sa sobrang saya. Nawala ang lamig na nararamdaman niya at parang nabalot ng init ang buong pagkatao niya.

Kumalas na siya rito. “Sige, aalis na ako. Ingat ka pauwi.” Hindi na siya nito napigilan.

3

Sobrang saya ni Kristine pauwi. Kumakanta pa siya nang malakas habang papasok ng bahay. “Finally Ariel happened to me...”

Napakunot ang noo ng kanyang mama nang makita siya. Niyakap niya ito nang mahigpit. “Ma, niyakap ako ni Grayson! Niyakap niya ako! Ang ganda ko!” Tumili pa siya habang tumatalon-talon.

Napangiwi siya nang kurutin nito ang tagiliran niya. “Aray ko, Ma!”

“Saan ka galing, ha? Bakit basang-basa ka?”

“Ma! Huwag kang sumigaw. Ang kulit kaya ng boses mo, tumatambay sa tainga,” sabi niya at saka kinalikot ang taingang malapit dito.

“Maligo ka na at magpalit ka na ng damit, bilis!” utos nito at pinalo siya sa pwetan.

“Aray, Ma! Opo na! Magbibihis na...” Tumakbo siya palayo rito at tinungo ang kwarto niya habang kumakanta. “One scoop, one sachet, one scoop, one sachet!”

Nagtungo siya sa banyo at mabilis na naligo.

Pagkatapos makapag-ayos ng sarili ay lumabas siya ng kuwarto at hinanap ang kanyang ina. Pumunta siya sa kusina at naabutan itong naghahanda ng pagkain.

“Mama!” Nilapitan niya ito at niyakap mula sa likuran.

“Ano ba ang nangyari sa inyo ni Grayson at ilang araw kang nagmumukmok?” tanong nito.

Umupo muna siya. “Cool off kami, Ma.”

“Cool off? Bakit? Nagkasawaan na kayo?”

Umiling siya.

“So humingi siya ng space sa ’yo? Ano’ng ibig sabihin n’un?”

“Mahal ko siya, Ma.”

“Mahal ka pa rin naman kaya?”

“Ma naman! Niyakap nga niya ako kanina! Nakakainis ka naman, eh. Huwag kang KJ!” Gusot na gusot na ang mukha ng dalaga dahil sa pagkontra ng ina.

“Baka naman nami-miss ka lang niya... kasi mahalaga ka sa kanya.” Naupo na ito nang matapos maghain. “Pero iba ’yung mahalaga sa mahal, ha?”

Napailing si Kristine. “Ma, aray ha? Hello! Anak n’yo po ako, baka lang po nakakalimutan n’yo. Paalala lang po, dapat po sinusupportahan n’yo po ako.”

“Para ano? Para mamaya iiyak-iyak ka na naman?” Bumuntong-hininga ito. “Masaya ako dahil napapasaya ka ni Grayson, pero hindi ko gusto na parang masisira ang buhay mo dahil lang sa lalaki.”

Hindi siya nakaimik. Kumain sila at pagkatapos magkatulong na maghugas ng mga plato ay nagpalipas ng oras sa panonood ng telebisyon.

“Ma, nas’an ba ’yung tatay ko?” Patay ang ilaw sa sala at ang telebisyon ang nagsisilbing liwanag.

“Hindi ko alam. Wala akong pakialam at wala ka na din dapat pakialam sa kanya. Masaya naman tayo, di ba?”

Tumango-tango si Kristine. “Iniwan niya ba tayo? Kaya ba bitter ka?” Hinarap niya ito. Hindi ito sumasagot lagi kapag tinatanong niya, pero hindi pa rin siya sumusuko.

“Oo. Pinili niya ang pumasok sa fixed marriage na ’yan kaysa ang ipaglaban tayo—ako pala. Hindi niya alam na may ikaw. Kaya simula n’un hindi na ulit ako nagtitiwala sa mga lalaki.”

Nalungkot si Kristine para sa kanyang ina. Her mother deserved to be happy. Kung magkakaroon man ito ng bagong mamahalin, hindi niya iyon tututulan.

“Ihahanap kita bukas ng boylet!” sabi niya at saka humalakhak.

Pabiro siyang binatukan ng ina. “Magtigil ka nga, Kristina!” Tumayo na ito at binuhay ang ilaw. “Matulog ka na at may pasok ka bukas.” Lumapit ito sa telebisyon at pinatay iyon.

Tumayo siya at humalik sa pisngi nito. “Good night, Ma.”

“Sige na. Good night din.”

Nang imulat niya ang mga mata kinabukasan, pakiramdam ni Kristine ay pasan niya ang daigdig at parang sinusunog siya. Ang bigat ng pakiramdam niya at inaapoy siya ng lagnat. Sobrang sakit ng ulo niya, parang binibiyak.

Wala na yata siyang lakas, pero pinilit niyang makatayo. Napahawak siya sa ulo nang parang umikot ang paligid niya.

Dahan-dahan siyang lumabas ng kwarto.

Malamang ay umalis na ang mama niya para pumasok sa trabaho.

Dumerecho siya sa kusina at uminom ng tubig. Nagluto siya ng instant noodles na may sabaw. Kinain niya iyon at humanap ng gamot para sa trangkaso.

Sinilip niya ang orasan at nakitang alas siete y media pa lamang pala. Mamaya pang alas diez ang pasok niya. Baka makakatulog pa siya.

Nang magising ay mabilis siyang naligo at naghanda para pumasok.

Napapitlag siya nang maramdamang nag-vibrate ang cellphone niya. Naghugis-puso yata ang mga mata niya nang makita ang pangalang matagal na hindi nagparamdam sa inbox niya.

Grayson: Are you okay?

Luminga-linga siya sa paligid dahil parang nasa malapit lang ito kung magtanong. Naramdaman kaya nitong may sakit siya?

Nag-reply siya rito. *I'm fine, salamat!*

Itinago niya na ang cellphone at napatitig sa taong nakatayo sa harapan niya.

“Jace?” kunot-noong tanong niya. Bakit ito nasa

loob ng classroom nila?

“Uy! Ikaw nga! ’Yung suplada!” At humalakhak ito pagkuwa’y naupo sa bakanteng upuan sa tabi niya.

“Bakit ka nandito?” tanong niya sa lalaki.

“Ito ang unang klase ko, eh. Naks naman! Kaklase pa kita. Tadhana na ’to, maniwala ka.”

Inirapan niya ito. “Magtadhana ka mag-isa mo.”

Tumawa ito. “Suplada talaga.”

“Kristine,” tawag ni Jace nang makalabas ang instructor nila. Wala na itong ginawa kundi ang tawagin siya mula nang malaman ang pangalan niya. Impakto talaga. “Tara sa canteen.”

“Bakit ba isinasama mo pa ako? Hindi mo ba kayang mag-isa?”

Natahimik ito sandali. “Masama na palang makaalala ngayon.”

Tumayo na ito at naglakad palabas nang hindi lumilingon.

Ang arte niya, ha.

Tumayo na rin si Kristine para pumunta sa canteen. Naglalakad siya para pumila sa counter nang

may tumisod sa kanya.

Matutumba na dapat siya kung di lang may matipunong mga brasong umalalay sa kanya.

“Careful,” narinig niyang sabi nito.

Binitawan siya nito at hinawakan sa kuwelyo ang pumatid sa kanya. “Hoy, tatakas ka pa, ha? Saan punta?” Pinitik nito ang tainga ng lalaki at agad iyong namula.

“Aray!” daing ng hawak nito sa kwelyo.

“Jace! Hayaan mo na nga siya,” sabi ni Kristine dito. Tiningnan lang siya nito at muling ibinaling ang atensyon sa lalaki.

“Bakit mo ginawa ’yun?” tanong ni Jace dito.

“A-aksidente p-po.”

Gusto sanang maawa ni Kristine sa lalaki, pero hindi rin siya naniniwalang aksidente ang ginawa nito. Kilala niya itong si JM, kaibigan ito ni Dina na may gusto kay Grayson. “Jace, hayaan mo na lang siya.”

“Sige. Yari ka sa ’kin kapag sinaktan mo pa si Kristine. Tatanggalin ko na ’yang tainga mo,” banta ni Jace at muling pinitik ang tainga ni JM.

Natawa na lang si Kristine sa pagiging protective nito sa kanya. Akala yata ay close sila. Ang alam niya kasi ay magkaaway sila.

“D-di na mauulit. Sorry, Kristine.” Binitawan ito ni Jace.

Tumango siya sa kawawang lalaki.

“Takbo, bilis!” sabi ni Jace dito.

Napailing na lang siya at ngumiti sa bagong kaklase. “Ang galing mo, bro! Up here!” Nakipag-high five siya rito.

Nagtawanan sila.

“Sorry, Jace,” pagkuwa’y sabi niya.

“Bati na tayo?” Inakbayan siya nito at ginulo ang buhok niya. “Tara, sabay na tayo kumain. Okay lang ba?”

Tumango siya at ngumiti rito.

Nang maka-order ay nakahanap din sila agad ng mauupuan. Sinilip niya ang cellphone niya nang mag-vibrate ulit ito.

Enjoy your lunch with him.

Napamulagat siya sa mensahe. Napalingon siya

sa paligid at mabilis na hinanap ang nobyo. Wala naman kahit anino nito.

May espiya ba 'yun?

Agad siyang nag-reply sa mensahe nito.

Where r u?

“Hoy Kristine, okay ka lang? May problema ba?” Napatunghay siya kay Jace nang marinig niya itong magsalita.

“Ha? Ah, wala, okay lang.” Itinago na niya sa bulsa ang cellphone.

“Bilisan mong kumain diyan, dadalhin kita sa clinic.” Agad siyang napahinto sa pagkain. “Kung hindi pa kita nahawakan kanina, di ko pa malalaman na inaapoy ka na ng lagnat.”

Habang naglalakad sila patungo ng clinic ay nakatanggap uli siya ng mensahe mula kay Grayson.

You're not okay. You look pale :x

Nakagat niya ang labi. Luminga-linga siya sa paligid. *Nasaan ka ba, Grayson?*

“Hoy. Sino ba'ng hinahanap mo?” tanong ni Jace at luminga-linga rin.

Umiling siya. “Wala.”

Nagtaka siya nang huminto ito sa paglalakad at nagtanong habang nakatingin sa unahan nila. “Siya ba ’yung hinahanap mo?”

Nalaglag ang panga niya nang makitang palapit sa kanila si Grayson. Suot nito ang isang simpleng T-shirt na kulay abo kapares ang itim na jeans. Bagong gupit ito, at napansin niyang lalo lang na-define ang features ng mukha nito. Mas lalong kumisig. Saglit siyang napatingin sa katabi niya. Nginitian siya nito at tinapik ang likod niya.

Tinakbo niya ang distansya sa pagitan nila ni Grayson. “A-ano’ng ginagawa mo dito?”

Ngumiti ito. “Dito ako nag-aaral, ah. ’Tsaka sinusundo kasi kita, miss.”

“Ibig kong sabihin, di ba may OJT ka ngayon?”

Inakbayan siya nito. “Naipagpaalam na kita sa mga prof mo. Ang tigas ng ulo mo. Dapat hindi ka na pumasok.”

Sinamahan siya nito sa clinic bago siya inihatid pauwi.

Pagbukas niya ng bahay ay nahagip ng mga mata ni Kristine ang mga pulang lobo sa sala. Kumabog

ang puso niya nang mapansin ang isang poster na nakadikit sa pader.

Kapag binasa mo 'to, akin ka na ulit.

“Ginamit ko iyong susi na ipinagkatiwala sa akin ng mama mo. Nagpaalam ako sa kanya na sosorpresahin kita ngayon.”

Napahawak siya sa dibdib niya at natutop ang bibig. Pinigil niya ang mapahikbi, pero sunud-sunod ang pagtulo ng luha niya. Feeling niya tuloy ngayon ang ganda niya!

Lalo siyang naiyak nang naramdaman niya ang mahigpit na yakap ni Grayson mula sa kanyang likod. “Girlfriend na ulit kita, ha?” bulong nito.

Marahan siyang tumango habang iniharap siya nito. Hinalikan nito ang noo niya at napapikit siya sa sobrang saya.

“I love you so much, Kristine.” Inilapat nito ang mga labi sa kanya at sabik siyang hinalikan.

Gumuhit ang ngiti sa mukha niya nang matapos ang halik. “I love you, too, Grayson.”

Mahigpit nilang niyakap ang isa't isa.

“Shh. Tumahan ka na.” Hinagod nito ang likod

niya. “You should rest. Yari ako kay Tita kapag nadatnan ka niyang inaapoy ng lagnat.”

Sinabihan siya ni Grayson na magpahinga muna sa kuwarto niya, maghahanda raw ito ng makakain nila.

Nahiga siya matapos makapagpalit ng damit at agad nakatulog sa bigat ng pakiramdam niya. Nagising siya na may nag-aalis ng basang benda sa noo niya.

“Kumain ka muna,” nakangiting bungad ni Grayson. Hinaplos nito ang buhok niya. “Parating na si Tita.”

“Ang guwapo naman ng nurse ko.”

“Sus, bolera.” Pinisil nito ang ilong niya. “Ikaw naman ’yung bayad sa talent fee ko, eh. Bawing-bawina.”